

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tumatanggap ang Ryerson University ng pondo mula sa Lungsod ng Brampton para sa Paaralan ng Medisina

\$1 milyon na panustos mula sa Lungsod ay makakatulong sa pagtustos sa panukala na Paaralan ng Medisina ng Ryerson

BRAMPTON (Hulyo 7, 2021) - Sa araw na ito, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay bumoto para sa \$1 milyong planong kaloob para makatulong na tustusan ang Paaralan ng Medisina sa hinaharap ng Lungsod. Ang desisyon sa pagtutustos ay sumunod sa presentasyon ng Presidente ng Ryerson University na si Mohamed Lachemi, at gagamitin bilang suporta sa opisyal na panukala sa Pamahalaan ng Ontario.

Ang pondo ng araw na ito mula sa Lungsod ng Brampton ay tumutugma sa [\\$1 milyon na pagpopondo na ibinigay ng Lalawigan ng Ontario sa unang bahagi ng taon na ito](#) para suportahan ang panukala na Paaralan ng Medisina ng Ryerson. Ang panukala ay magdedetalye sa paraan ng Ryerson sa edukasyon ng kalusugan, na may pokus sa pangunahing pangangalaga, pinahabang paggamit ng teknolohiya para mas matutugunan ang mga pangangailangan ng pasyente, inter-professional na praktis at ang probisyon ng sensitibo sa kultura na pangangalaga.

Ginawa ring posible ng pagpopondo na makipagtulungan ang Lungsod sa pagtukoy sa potensyal na mga lokasyon, kabilang ang Innovation District ng Brampton, bilang site sa hinaharap para sa paaralang medikal. Nananatiling nasa landas ang unibersidad para ihatid ang mungkahi nito sa Lalawigan ng Ontario sa loob ng 18 hanggang 24 na buwan na timeframe na unang inanunsyo.

“Ipinagmamalaki namin na maging partner ang Brampton sa pagpapalawak ng edukasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa Ontario at ipinagmamalaki namin ang pagpakitang ito ng suporta,” ayon sa Presidente at Vice-Chancellor ng Ryerson University na si Mohamed Lachemi. “Ang bagong paaralang medikal ay hindi lamang mas magpapaganda nang mabuti sa sistema sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton, itatayo rin nito ang pundasyon para sa diverse na pangkat ng talento na sasagana sa mga sektor ng pangangalagang pangkalusugan at mga sektor kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan sa ating lalawigan.”

Ang Paaralan ng Medisina sa Brampton ay mag-aalok ng bagong approach sa medikal na edukasyon sa Ontario – isang approach na naglalapit sa commitment ng unibersidad sa komunidad, pagkakaiba-iba at pagsasali sa lahat, at inobasyon para tugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng para sa paghahatid at praktis ng pangangalagang pangkalusugan. Ang bagong approach na ito ay tutugon sa kasalukuyang partikular na mga problema sa sistema ng healthcare sa Brampton at sa buong lalawigan, na pinapalala ng pandaigdigang pandemya. Ang magkaisang bisyon para sa Paaralan ng Medisina sa Brampton ay nabubuo sa umiiral na partnership sa pagitan ng unibersidad at ng Lungsod ng Brampton, kasama ang Cybersecure Catalyst at ang Brampton Ventures Zone.

“Wini-welcome natin ang ekspansyon ng karagdagang mga pagkakataon matapos ang sekondarya para matutugunan ang mga pangangailangan ng bata pa, diverse at mabilis na lumalaking komunidad ng Brampton. Ang pagkakataon na ito para mamuhunan sa Paaralan ng Medisina ng Ryerson ay dumating sa isang mahalagang panahon para sa Lungsod, habang pinapatindi ng COVID-19 ang ating pangangailangan para sa pantay na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, ” sabi ni Brampton Mayor Patrick Brown. “Ang Paaralan ng Medisina ng Ryerson ay magtitiyak na ang susunod na henerasyon ng mga praktisyoner sa pangangalagang pangkalusugan ay lokal na makakapagsanay sa ating lungsod, sa mga programa tulad ng pag-iwas sa sakit at pagtataguyod sa kalusugan; pangangalaga sa bahay; at mga serbisyo sa ospital sa acute na pangangalaga. Sa kasaysayan, hindi nakatanggap ang Brampton ng patas na parte nito sa pondo sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nagbunga sa labis-labis na pasyente sa ospital at panggagamot sa bulwagan ng ospital. Ang pamumuhunan sa Paaralan ng Medisina ng Ryerson ay magbibigay ng pagkakataon sa Lungsod ng Brampton para baguhin iyan.”

Ang Paaralan ng Medisina ng Ryerson University ay ididisenyo sa limang haligi:

- Pagpokus sa pangunahing pangangalaga na nakasentro sa komunidad at mga panlipunang tagatukoy ng kalusugan
- Pagbibigay ng pangangalagang gumagalang sa kultura sa mga komunidad
- Paggamit sa inobasyon at teknolohiya sa mga praktis para mapahusay ang de kalidad na pangangalaga at mga resulta sa pasyente
- Pagbibigay ng mga skill sa mga doktor sa hinaharap para mapaunlad ang mga inter-professional na network ng pangangalagang pangkalusugan para makamit ang mas mabuting mga resulta para sa mga pasyente
- Pagpokus sa tumatanda at pagsuporta sa mga matatanda habang tumatanda ang lumalaking bahagi ng ating lipunan

Ang komite sa pagpapalano ng Paaralan ng Medisina ng Ryerson ay [nakakumpleto na sa unang yugto ng mga konsultasyon sa komunidad](#) kasama ang komunidad ng Ryerson at ibabaling na ngayon ang pansin nito sa isang malusog na plano para pasalihin ang mga stakeholder ng komunidad sa Brampton, Peel at iba pang mga rehiyon. Pasasalihin ng mga konsultasyon na ito ang mga pinuno ng mga organisasyon ng komunidad, mga negosyo sa health care, mga clinician at mga klinikal na pangakt pati na rin ang kumonekta sa mga pangkat ng komunidad, para maunawaan ang kanilang mga inaasahan at mga ekspektasyon para sa paaralan, at ipagsama ang nasabing feedback sa pagpapalano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa panukala ng Paaralan ng Medisina ng Ryerson University, bisitahin: <https://www.ryerson.ca/brampton/school-of-medicine/>

-30-

Tungkol sa Ryerson University

Ang Ryerson University ay an glider sa Canada sa inobatibo, nakasentro sa karera na edukasyon. Urban, may iba't ibang kultura at nagsasali sa lahat, ang University ay tahanan ng higit sa 46,000 estudyante kabilang ang 2,900 Master's at PhD na mga estudyante, 3,800 faculty at staff, at higit sa 200,000 alumni sa buong mundo/ Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ryerson.ca.

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad,

hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Jessica Leach
PR & Communications Specialist
Ryerson University
jleach@ryerson.ca
416.704.2166

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca